



## 1 | Tayo ay ituturing na matuwid.

*Kapag nakita niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya. Sinabi ng Panginoon, "Sa pamamagitan ng karunungan ng aking matuwid na lingkod ay marami ang ituturing niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga kasalanan.*

**ISAIAH 53:11**

Dahil si Jesus ay naparito sa lupa at namatay para sa atin, marami ang ituturing niyang matuwid. Nang isakripisyo ni Jesus ang sarili Niya sa krus, ipinagpalit Niya ang Kanyang pagkakakilanlan sa pagkakakilanlan natin. Si Jesus ay naging kasalanan para sa atin at tayong mga naniwala sa Kanya ay binihisan Niya ng pagiging matuwid. Hindi na tayo nabubuhay sa kasalanan, bagkus ay naibalik tayo sa tamang relasyon sa Diyos. Ang lahat ng ito ay sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at sakripisyo (Mga Taga-Efeso 2:8,9). Ngayon na tayo ay ginawang matuwid ng Diyos, paano tayo dapat mamuhay? (Mga Taga-Roma 5:1,2)

---

---

## 2 | Mapagtatagumpayan natin ang makasalanang pamumuhay.

*Kapag nakita niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya. Sinabi ng Panginoon, "Sa pamamagitan ng karunungan ng aking matuwid na lingkod ay marami ang ituturing niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga kasalanan.*

**ISAIAH 53:11**

Kay Jesus, hindi lamang tayo itinuring na matuwid, kundi kaya din nating pagtagumpayan ang masamang pamumuhay. Dati, itinuring tayong mga patay ng Diyos dahil sa mga kasalanan natin. Ngunit binuhay tayo ng Diyos mula sa mga patay at binigyan ng kakayahan na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa at mamuhay nang maayos, matuwid at makadiyos. (Tito 2:11,12). Kahit na tayo ay nabubuhay sa makasalanang mundo, hindi natin kailangang mamuhay nang naayon dito.

Maaari tayong mamuhay nang may katagumpayan sa kasalanan dahil kay Jesus. Paano nagbago ang buhay mo simula nang isuko mo ang buhay mo kay Cristo?

---

---

## 3 | Matatanggap natin ang ating mana kasama ni Cristo.

*"Dahil dito, pararangalan ko siya katulad ng mga taong tanyag at makapangyarihan dahil ibinigay niya ang buhay niya. Ibinilang siya na isa sa mga makasalanang. Nagdusa siya para sa maraming makasalanang at hiniling pa niya sa Diyos na sila'y patawarin."*

**ISAIAH 53:12**

Ngayon na tayo ay na kay Cristo na, tayo ay tagapagmana kasama ni Cristo. Dahil si Cristo ay nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan, pararangalan Siya katulad ng mga taong tanyag at makapangyarihan—isang mana mula sa Diyos na ibabahagi ni Jesus sa mga nagtitiwala sa kanya. Ang mga mana nating ito kasama ni Cristo ay higit pa sa anumang yaman na maibibigay ng mundo. Dahil sa natanggap nating Espiritu, tayo ay naging mga anak ng Diyos (Mga Taga-Roma 8:15). Tayo ay naging bahagi ng pamilya ng Diyos. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 8:15-18 tungkol sa bago nating katayuan kay Cristo?

---

---

### APPLICATION

- Isinasabuhay mo ba ang katagumpayan na ibinigay sa iyo ni Jesus sa krus? Gusto mo bang magtiwala kay Jesus para maisapamuhay mo ang tagumpay na ito araw-araw?
- Ngayong alam mo na kaya mong mamuhay nang malaya sa kasalanan sa pamamagitan ni Cristo, paano mo babaguhin ang paraan mo ng pamumuhay? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin nayong linggo upang mamuhay nang matuwid sa Diyos?
- Hingin sa Diyos ang mga paraan kung paano mo maipapakita sa mga kaibigan at kapamilya mo na kaya nilang mamuhay nang may katagumpayan sa pamamagitan ng kakayahan ni Jesus.